TALAANG NG IMPORMASYON

# Mga Pamprotektang Utos sa Karahasan sa Paggamit ng Baril

Sa katamtaman, may isa na namamatay dahil sa Karahasan sa Paggamit ng Baril kada tatlong oras sa California. Upang maihinto ang panganib, mayroong siyam na pamprotektang utos ang estado. Magagawa ng mga utos na ito na agawin ang mga baril ng isang tao nang maikling panahon at bigyan sila ng pagkakataong makakuha ng tulong. Nakakatulong ang mga ito na mapanatiling ligtas ang mga tao.

Mag-scan dito upang makaalam pa tungkol sa mga pamprotektang utos at paano mababawasan ang panganib ng karahasan sa paggamit ng baril.

ReducetheRisk.ca.gov

REDUCE THE RISK

Gun Violence Protection Orders | Save Lives

## Mga Pamigil na Utos sa Karahasan sa Paggamit ng Baril

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Ang mga taong nasaktan o tinakot ng isa na malapit sa kanila (hal., asawa, kapartner, ka-roommate o kapamilya.)

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

- Tagapagpatupad ng batas
- Malalapit na kapamilya
- Asawa, kapartner o ka-roommate
- Amo o katrabaho
- Guro sa paaralan ng taong iyon

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-3 taon

## Mga Pamagil na Utos sa Karahasan sa Tahanan

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga tao na kagyat na banta sa kanilang mga sarili o sa iba.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Ang mga taong nasaktan o tinakot ng isa na malapit sa kanila (hal., asawa, kapartner, ka-roommate o kapamilya.)

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-5 taon

## Pamigil na Utos sa Sibil na Panliligalig

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga taong nanganganib dahil sa panliligalig, pagmamanman, o mga pagbabanta ng isa na walang malapit na kaugnayan sa kanila.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Mga taong pinagbantaan

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-5 taon

## Pamigil na Utos sa Pag-abuso sa Matanda/ Umaasang Adulto

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga senior at adulto na may kapansanan na napapaharap sa pag-abuso, pagpapabaya o kakapusan sa pinansyal.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

- Mga taong lampas 65 o mga nasa 18-64 na may mga kapansanan sa pisikal o sa isip
- Isa na naghahanap ng proteksyon para sa mga adultong ito

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-3 taon

## Pamigil na Utos na Nauukol sa mga Bata

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga batang wala pang 18 na sinasaktan, binu-bully o pinagbabantaan. O sinumang nangangailangan ng proteksyon mula sa batang nagiging marahas o nagbabanta.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Mga taong sangkot sa korte sa kaso na nauukol sa bata (hal.: magulang, tagapag-alaga, mga bata sa sambahayan, mga probation officer, o social worker na naghahanap ng proteksyon para sa o mula sa bata na nasa ilalim ng pangangalaga ng korte)

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-3 taon

## Mga Pamigil na Utos sa Karahasan sa Postsecondary School

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga mag-aaral sa kolihiyo o trade school.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Isang lider sa kolehiyo o trade school o sinumang ituturo nila.

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-3 taon

## Mga Pamagil na Utos sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga empleyado, boluntaryo, mga independyenteng kontratista, lupon ng mga direktor at mga pampublikong opisyal na nakakatanggap ng mga pagbabanta sa lugar ng trabaho.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Mga employer

**TAGAL**

21 araw; pwedeng tumagal ng 1-3 taon

## Pamigil na Utos na Pangkrimen

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga biktima o saksi sa panahon ng kriminal na kaso.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Isang abogado ng distrito sa panahon ng kriminal na kaso.

**TAGAL**

Tagal ng kaso; pwedeng tumagal ng hanggang 10 taon

## Pamigil na Utos na Pang-emergency

(EPO-001 & EPO-002*)

* GVRO na inisyu ayon sa batayang pang-emergency

**SINO ANG NATUTULUNGAN NITO**

Mga tao na kagyat na banta sa kanilang mga sarili o sa iba.

**SINO ANG PWEDENG MAGSAMPA**

Tagapagpatupad ng batas

5 araw sa korte o 7 araw sa kalendaryo

INFO 11X17-TGL-0725